

## **Mga Lokasyon ng Serbisyo ng In-Home Supportive Services (IHSS) Electronic Visit Verification (EVV) Mga Katanungang Madalas Itanong**

### **Mga Pagbabago sa Sistema ng Electronic Visit Verification (EVV)**

Nakatanggap ang California Department of Social Services (CDSS) ng patnubay mula sa pamahalaang pederal na nagpapayo sa CDSS na simula Hulyo 1, 2023, ang lahat ng hindi naninirahang tagabigay ng IHSS/WPCS ay kakailanganing mag-check-in at mag-check-out sa simula at sa pagtatapos ng bawat araw ng trabaho at tukuyin kung ang mga serbisyo ay pagsisimula o pagtatapos sa tahanan o sa komunidad.

### **Ano Ang Ibig Sabihin Nito**

Upang makasunod sa batas ng pederal at maiwasan ang mga parusang pederal, simula sa Hulyo 1, 2023, ang mga sistema ng EVV ay nai-update upang makuha ang lokasyon ng mga hindi naninirahang tagabigay ng IHSS/WPCS kapag sila ay nag-check-in at nag-check-out sa bawat araw na sila ay nagtatrabaho kapag pinili ang “bahay”.

### **Mga Pangunahing Punto na Dapat Tandaan**

- Simula sa Hulyo 1, 2023, ang mga tagabigay ng IHSS/WPCS na hindi naninirahan kasama ng kanilang tagatanggap, na tinutukoy bilang Mga Hindi Naninirahang Tagabigay, ay kakailanganing mag-check-in at mag-check out sa simula at pagtatapos ng bawat araw ng trabaho.
- WALANG mga pagbabago para sa mga tagatanggap. Susuriin at aaprubahan o tatanggihan pa rin ang elektronikong timesheet ng kanilang tagabigay gamit ang Electronic Services Portal (ESP) o Telephone Timesheet System (TTS), tulad ng ginagawa nila ngayon. Walang mga epekto sa kung paano pinapahintulutan ang mga serbisyo ng tagatanggap o kung paano nila natatanggap ang mga serbisyong ito.
- WALANG mga pagbabago para sa mga tagabigay na nakatira kasama ng kanilang tagatanggap. Ang mga Naninirahang Mga Tagabigay ay hindi kinakailangang mag-check-in at mag-check-out at magpapatuloy na kukumpletuhin at isusumite ang kanilang mga elektronikong timesheet ng IHSS sa online sa pamamagitan ng ESP o ng TTS.
- Hindi sinusubaybayan ang lokasyon o paggalaw sa buong araw ng mga Hindi Naninirahang Tagabigay. Ang lokasyon ng mga tagabigay ay kukunan lamang kapag nag-check-in o nag-check out at sa piniling “Bahay” ng tagabigay upang kumpirmahin na ang tagatanggap ay natatanggap ang pinahintulutang serbisyo ng IHSS sa

kanilang sariling tahanan.

- Kung ang isang hindi naninirahang tagabigay ay nagtatrabaho para sa maraming tagatanggap, dapat silang mag-check-in at mag-check out para sa bawat tagatanggap. Okay lang na mag-overlap ang mga oras ng pag-check-in at pag-check out kapag nagbibigay ng mga serbisyo para sa maraming tagatanggap.
- Ang mga hindi naninirahang tagabigay ay madaling maipapasok ang kanilang mga oras at minute na nagtrabaho sa bawat araw kapag sila ay nag-check-out, o sa kanilang elektronikong timesheet ng IHSS bago nila ito isumite sa kanilang tagatanggap para sa pag-apruba gaya ng ginagawa nila ngayon.
- Ang sistema ng EVV ay magpapahintulot sa tagabigay upang maayos ang anumang mga maling impormasyon sa pag-check-in at sa pag-check out bago nila isumite ang kanilang timesheet para sa pag-apruba.
- Ang mga tagabigay ay babayaran pa rin batay sa bilang ng mga oras at minute na nagtrabaho, hindi ang oras sa pagitan ng pag-check-in at pag-check out.

## **Mga Katanungang Madalas Itanong**

### **T: Bakit kailangan mong baguhin ang sistema ng EVV?**

**S:** Ang batas pampederal ay nag-aatas sa mga sistema ng EVV na elektronikong makuha ang lokasyon ng mga tagabigay ng IHSS / Waiver Personal Care Services (WPCS) sa simula at pagtatapos ng bawat araw ng trabaho upang matiyak na ang mga tagatanggap ay tumatanggap ng mga serbisyo sa kanilang tahanan. Dapat i-update ng California ang kasalukuyang sistema ng EVV upang sumunod o ang mga multa sa pananalapi ay patuloy na itatasa sa estado ng pamahalaang pederal.

### **T: Paano ko ito magagawa sa timesheet na papel?**

**S:** Mula noong Disyembre 31, 2020, ang paggamit ng mga elektronikong timesheet ay isang batayan ng mga tagabigay ng IHSS para sa pagtatrabaho.

### **T: Sinusubaybayan ba kami ng pamahalaan?**

**S:** Hindi, hindi ka susubaybayan. Hindi kokolektahin ng geo-location sa buong araw o kapag natukoy na ang tagabigay ay nasa “komunidad.” Ang geo-location ay makukumpirma lamang sa elektronikong paraan kapag nag-check-in ka sa simula ng bawat araw ng trabaho at nag-check-out sa pagtatapos ng bawat araw ng trabaho kapag pinili ang “bahay”.

### **T: Bakit mo ito ginagawa pagkatapos na sabihin sa amin na hindi kami susubaybayan ng Global Positioning System (GPS)?**

**S:** Batay sa feedback ng aming IHSS stakeholder na huwag gumamit ng GPS, ang California Department of Social Services (CDSS) ay nagsumite ng plano sa pederal na organisasyon ng Centers on Medicare/Medicaid Services (CMS) na nangangailangan ng mga provider na ilagay ang kanilang lokasyon sa isang elektronikong sistema kaysa sa paggamit GPS. Gayunpaman, natukoy na ngayon ng CMS na ang proseso ay hindi nakakatugon sa kinakakailangan ng pederal na ang lokasyon ng mga tagabigay ay elektronikong makuha sa pagsisimula at pagtatapos ng mga serbisyong ibinibigay para sa bawat araw ng trabaho. Ang California ay kinakailangang magbayad ng mga pinansyal na parusa simula Enero 1, 2021, hanggang ang sistema ng EVV ay sumusunod sa batas pampederal.

## **Pag-check-in at Pag-check-out**

**T: Nangangahulugan ba nito na ang mga tagabigay ay dapat mag-check-in at mag-check-out sa buong araw para sa bawat serbisyong ibinigay nila para sa tagatanggap?**

**S:** Hindi, kakailanganin lang ng mga tagabigay na mag-check-in at mag-check-out isang beses bawat araw para sa bawat tagatanggap na pinagtatrabahuhan nila. Kung ang isang tagabigay ay nagtatrabaho sa isang tagatanggap na tumatanggap ng parehong IHSS at WPCS, ang tagabigay ay dapat na mag-check-in at mag-check-out sa bawat programa nang hiwalay.

**T: Paano kung magkamali ako?**

**S:** Papayagan ka ng sistema na ayusin ang anumang mga mali. Magagawa pa rin ng mga tagabigay na suriin at i-update ang kanilang timesheet bago nila isumite ang kanilang timesheet sa kanilang tagatanggap para sa pag-apruba, tulad ng ginagawa mo ngayon.

**T: Ano ang mangyayari kung nakalimutan kong mag-check-in at mag-check-out?**

**S:** Maaari kang mag-check-in at mag-check-out sa lalong madaling panahon. Magagawa mong i-update ang impormasyon kapag pinunan mo ang iyong timesheet entry sa Electronic Services Portal (ESP).

**T: Kailangan ko bang bumalik sa lokasyon kung nakalimutan kong mag-check-in at mag-check-out?**

**S:** Hindi, maaari mong i-update ang impormasyon na check-in at check-out sa ESP sa screen ng timesheet entry sa patlang ng oras na “simula” at “pagtatapos”.

**T: Kung nakapag-check out na ako para sa araw na iyon, ngunit kailangan kong bumalik sa bahay ng tagatanggap upang magbigay ng karagdagang mga serbisyo, muli ba akong mag-check-in at mag-check-out?**

**S:** Oo. Makikita sa sistema ng iyong timesheet ang pinakaunang pagkakataon na ikaw ay nag-check in at ang pinakahuling beses na ikaw ay nag-check out para sa gabing iyon. Ang mga oras na inilagay mo bilang mga oras na nagtrabaho ay ang babayaran sa iyo, tulad ngayon.

**T: Paano kung nagtatrabaho ako para sa maraming tagatanggap?**

**S:** Bawat araw ay kakailanganin mong mag-check-in at mag-check-out para sa bawat tagatanggap na pinagtatrabahuhan mo. Maaaring mag-overlap ang mga oras ng pagsisimula at pagtatapos. Kakailanganin mo pa ring tiyakin na nakukuha mo ang bilang ng mga oras na natatrabaho mo sa bawat araw para sa bawat tagatanggap tulad ng ginagawa mo ngayon. Kakailanganin mo pa ring magsumite ng timesheet para sa bawat tagatanggap na pinagtatrabahuhan mo. Patuloy kang babayaran para sa mga oras at minutong natrabaho, hindi ang oras sa pagitan ng pag-check-in at pag-check-out.

**T: Paano kung ako ay nagtatrabaho sa bahay at sa komunidad sa parehong araw? Paano ako makapag-check in at out?**

**S:** Mag-check-in ka sa simula ng unang serbisyong iyong ibinigay para sa araw na iyon, at magcheck-out ka sa pagtatapos ng huling serbisyong iyong ibinigay sa araw na iyon. Pipiliin mo ang iyong lokasyon na alinman sa “bahay” o “komunidad” depende sa kung nasaan ka sa oras ng pagsisimula at pagtatapos ng iyong araw ng trabaho. Hindi mo kailangang mag-check-in para sa bawat serbisyo, isang beses lang sa simula, at, isang beses sa pagtatapos ng araw ng trabaho para sa bawat tagatanggap.

**T: Paano kung kailangan ko ng tulong?**

**S:** Sisiguraduhin ng CDSS na mayroon kang mapagkukunan ng pagsasanay na kailangan mo para gawin ang pagbabagong ito. Sisiguraduhin namin na maraming materyales sa pagsasanay na makukuha sa online at mag-iiskedyul ng mga klase ng pagsasanay sa online, tulad ng

ginawa namin para sa pagpapatupad ng EVV. Bukod pa rito, magagawa mong makipag-ugnayan sa IHSS Service Desk para sa tulong sa (866) 376-7066, Lunes hanggang Biyernes, alas 8:00 ng umaga hanggang alas 5:00 ng hapon, hindi kasama ang mga piyesta opisyal.

## **Mobile App ng EVV**

**T: Kinakailangan ba ang Mobile App ng EVV?**

**S:** Hindi kinakailangang gamitin ng mga tagabigay ang mobile app, ito ay opsyonal. Ang Mobile App ng EVV ay isang karagdagang gamit na magagamit ng mga tagabigay na makapag-check in/makapag-check out ng maayos.

**T: Maaari ko bang isumite ang aking mga timesheet gamit ang Mobile App ng EVV?**

**S:** Hindi. Isusumite ng mga tagabigay sa elektronikong paraan ang kanilang mga timesheet sa parehong paraan na ginagawa nila ngayon, sa pamamagitan ng Electronic Services Portal (ESP) at/o ng Telephone Timesheet System (TTS).

**T: Maaari ba akong mag-check-in gamit ang Mobile App ng EVV at mag-check-out sa ESP o TTS?**

**S.** Oo.

**T: Ano ang kabutihan ng Mobile App ng EVV?**

**S:** Ang app ay madaling ma-access, at maaari nitong mapaginhawa ang pag-check-in/check-out at awtomatikong i-populate ang iyong mga oras sa iyong elektronikong timesheet, at maaari mong piliin ang lokasyon (bahay man o komunidad).

**T: Kailangan bang “naka-on” ang data para magamit ang mobile app? Sa madaling salita, kailangan mo ba ng internet access?**

**S:** Upang i-download ang Mobile App ng EVV sa iyong mobile device, kakailanganin mo ng access sa internet. Pagkatapos mai-download ang app, *hindi mo na kailangan* ang koneksyon sa internet para magamit ang app. Ang impormasyon sa pag-check-in/pag-check-out ay itatago at ia-update kapag mayroon ng koneksyon sa internet.

**T: Magagamit ba ng Mobile App ng EVV sa ibang mga wika? Anong mga wika ang mayroon?**

**S:** Ang Mobile App ng EVV ay maaaring magamit sa apat na threshold na wika: English, Armenian, Spanish, at Chinese. Ang Mobile App ng EVV ay libre.

**T: Kinakailangan ba na ipasok ang aking mga oras na natrabaho sa Mobile App ng EVV? Kailangan ko na bang ipasok ito araw-araw?**

**S:** Hindi. Ang pagpasok ng iyong mga oras araw-araw ay hindi kinakailangan sa pag-check-in/pag-check-out. Ginawang magkaroon ng ganitong opsyon para sa mga tagabigay na mas gustong punan ang kanilang mga oras sa sandaling iyon sa halip na maghintay sa pagtatapos ng lingguhang trabaho. Magkakaroon ka ng oras upang ipasok ang iyong entry sa pag-check-in/pag-check-out sa ibang pagkakataon kapag pinunan mo ang iyong timesheet kung iyon ang iyong pinili.

**T: Kailan magiging available ang Mobile App ng EVV para ma-download?**

**S:** Ang bago, libreng Mobile App ng EVV ay maaaring ma-download sa Hulyo 1, 2023.

**T: Maaari ko bang i-download ang Mobile Application ng EVV nang maaga?**

**S:** Hindi. Magiging available ang Mobile App ng EVV sa mga app store sa Hulyo 1, 2023. Hindi papayagan ng mga app store ang Mobile App ng EVV na mai-download bago ito mag-live sa Hulyo 1, 2023.

**T: Kailangan ba naming patuloy na baguhin ang aming password tulad ng ginagawa namin sa kasalukuyang sistema?**

**S:** Dahil gumagamit ka ng parehong ESP ang username at password para mag-log in sa Mobile App ng EVV, ang pag-update ng iyong password ay mananatiling tulad ng ginagawa ngayon. Kapag ina-update ang password sa ESP, mag-a-update din ito sa Mobile App ng EVV.

**T: Ipapagawa ba ng Mobile App ng EVV na mag-login sa bawat oras na nag-check-in at nag-check-out ka?**

**S:** Depende sa imbakan ng data/memorya ng iyong device, maaaring kailanganin mong mag-login sa bawat oras upang mag-check-in at mag-check-out.

**T: Gaano katagal ma-update ang mga entry sa Mobile App ng EVV sa iyong ESP timesheet?**

**S:** Karaniwan ay tumatagal lamang ng ilang minuto upang ma-update ang impormasyon mula sa Mobile App ng EVV papunta sa iyong timesheet.

## **Bahay o Komunidad**

**T: Mag-check-in/out ba ako mula sa “bahay” o “komunidad” kapag magsisimula ako o magtatapos ng mga serbisyo ng IHSS para sa tagatanggap sa aking (tagabigay) bahay?**

**S:** Kinakailangan ng mga regulasyon na makumpleto ang IHSS sa *sariling tahanan ng tagatanggap*. Ang mga serbisyong maaaring mangyari sa “komunidad” ay kinabibilangan ng pamimili ng grocery, mga gawain, pagkuha ng mga gamot, paglalaba, o pagsama sa medikal na lakad ---lahat ng iba pang IHSS na **dapat** isagawa sa sariling bahay ng tagatanggap, o nakatira ka sa parehong bahay. Ang iyong araw ng trabaho sa IHSS ay magsisimula sa oras na makumpleto mo ang unang serbisyo at hindi kasama ang oras ng paglalakbay.

**T: Paano kung nagsisimula ako bawat araw sa komunidad?**

**S:** Kinakailangan ng mga regulasyon na kumpletuhin ang IHSS sa sariling tahanan ng tagatanggap, o nakatira ka sa parehong bahay, kaya ang karamihang mga Serbisyo ng IHSS ay nagaganap sa sariling tahanan ng tagatanggap. Ang tanging mga serbisyo ng IHSS na maaaring ituring na “komunidad” ay ang pamimili, mga gawain, pagsasama sa medikal na lakad, at sa ilang mga kaso, ang paglalaba ay maaaring pahintulutan.

Ang mga hindi naninirahang mga tagabigay ng IHSS ay hindi dapat mag-check-in bago sila dumating sa bahay ng tagatanggap maliban kung nakumpleto ang ilang mga serbisyo ng IHSS at hindi bayad ang kanilang oras sa pag-commute. Ang patuloy na pag-check-in/pag-check out mula sa “komunidad” ay maaaring magkaroon ng hudyat sa kaso para sa karagdagang pag-follow-up.

**T: Paano kung inaalagaan ko ang tagatanggap sa aking tahanan sa araw at inuuwi siya sa gabi?**

**S:** Ang mga regulasyon ng IHSS ay nangangailangan na ang mga serbisyo ay dapat gawin sa sariling tahanan ng tagatanggap. Ang tanging mga serbisyong maaaring ibigay sa “komunidad” ay ang pamimili ng grocery, mga gawain, pagkuha ng mga gamot, paglalaba, o pagsasama sa medikal na lakad, ang lahat ng iba pang IHSS ay **dapat** isagawa sa sariling

bahay ng tagatanggap. Kung may mga pangyayari na kung saan ibinibigay ang mga serbisyo sa personal na pangangalaga sa isang lugar maliban sa tahanan ng tagatanggap, dapat makipag-ugnayan ang mga tagabigay sa kanilang social worker sa tanggapan ng IHSS ng county.

## **Paglalakbay**

**T: Anong mangyayari kung maglalakbay ako sa labas ng bansa kasama ang aking tagatanggap...Paano ako check-in/out?**

**S:** Katulad ngayon, ang mga tagatanggap ay dapat na kasalukuyang mga residenteng naninirahan sa Estado ng California upang makatanggap ng IHSS. Ang mga tagatanggap ay kinakailangang makipag-ugnayan sa kanilang social worker sa tanggapan ng IHSS ng county sa sandaling sila ay nagpaplano ng isang paglalakbay palabas ng Estados Unidos. Kapag nasa labas ng Estados Unidos, ang IHSS ay maaari lamang na mabigyan ng pag-apruba ng county sa ilalim ng mga regulasyon tungkol sa paglalakbay sa labas ng bansa na inilalarawan sa Manual of Policy and Procedures (MPP) 30-770.46-.46(b).

**T: Ano ang mangyayari kung maglalakbay ako kasama ang aking tagatanggap sa labas ng Estado ng California?**

**S:** Katulad ngayon, ang mga tagatanggap ay dapat na kasalukuyang mga residenteng naninirahan sa Estado ng California upang makatanggap ng IHSS. Ang mga tagatanggap ay kinakailangang makipag-ugnayan sa kanilang social worker sa tanggapan ng IHSS ng county sa sandaling sila ay nagpaplano ng isang paglalakbay palabas ng estado. Kung ang isang tagabigay ay pansamantalang naglalakbay kasama ang tagatanggap at planong magbigay ng IHSS para sa tagatanggap habang naglalakbay, dapat makipag-ugnay ang tagatanggap sa kanilang social worker sa tanggapan ng IHSS ng county at ipaalam sa kanila ang mga plano sa paglalakbay. Ang mga regulasyon na tungkol sa IHSS habang pansamantalang nasa labas ng Estado ng California ay inilalarawan sa Manual of Policy and Procedures (MPP) 30-770.4-.444.

**T: Ano ang mangyayari kung ako (tagabigay o tagatanggap) ay lumipat ng pansamantala/permanenteng umalis ng California?**

**S:** Kakailanganin mong ipaalam kaagad sa iyong tanggapan ng IHSS ng county. Ang IHSS ay hindi maibibigay sa labas ng Estado ng California.

**T: Ano ang mangyayari kung maglalakbay ako palabas ng lugar kasama ang tagatanggap at hindi matawagan ang TTS mula sa landline na telepono ng tagatanggap para mag-check-in/mag-check-out?**

**S:** Ang lahat ng paglalakbay sa labas ng lugar ay dapat aprubahan ng iyong social worker sa tanggapan ng IHSS ng county. Ang Mobile App ng EVV at ESP ay maaaring gamitin habang naglalakbay kasama ang tagatanggap para sa layunin ng pagbibigay ng IHSS lamang kapag ang iyong social worker sa tanggapan ng IHSS ng county ay naaprubahan na ang paglalakbay. Kung ikaw ay isang Tagagamit ng TTS at hindi magamit ang landline ng tagatanggap, maaari mong gamitin ang Mobile app ng EVV, ESP, o tumawag sa TTS at piliin ang “komunidad” para sa aprubadong IHSS na isinasagawa sa labas ng tahanan ng tagatanggap.

**T: Maaari bang gamitin ng mga tagabigay ang Mobile App ng EVV o ESP upang mag-check-in o mag-check-out kapag nasa labas ng lugar?**

**S:** Ang lahat ng paglalakbay sa labas ng lugar ay dapat aprubahan ng tanggapan ng IHSS ng county. Ang Mobile App ng EVV at ESP ay maaari lamang gamitin kapag naglalakbay

kasama ang tagatanggap para sa layunin ng pagbibigay ng IHSS at ang iyong social worker sa tanggapan ng IHSS ng county ay naaprubahan na ang paglalakbay. Dapat piliin ng mga tagabigay ang “komunidad” kapag nagcheck in o out kapag nagbibigay ng IHSS sa labas ng tahanan ng tagatanggap gamit ang Mobile app ng EVV, ESP o TTS.

## Lokasyon

**T: Maaari ko bang simulan ang aking araw sa ‘komunidad’ at mag-check-out mula sa ‘bahay’?**

**S:** Oo

**T: Kung pumunta muna ako sa grocery store na nasa daan papunta sa tagatanggap, ‘bahay’ ba iyon o ‘komunidad’?**

**S:** Komunidad.

**T: Bakit “bahay” o “komunidad” lang ang pagpipilian at wala na ang opsyong “pareho”.**

**S:** Dahil tinitipon ng geo-location ang iyong pag-check-in/pag-check out sa tamang oras. Hindi ka maaaring nasa bahay at komunidad nang sabay.

**T: Mag-check-in ba ako mula sa “bahay” o “komunidad” kapag sisimulan ko ang mga serbisyo para sa tagatanggap sa aking tahanan?**

**S:** Ang mga regulasyon ay kinakailangang kumpletuhin ang IHSS sa sariling bahay ng tagatanggap. Ang mga serbisyong maaaring mangyari sa komunidad ay kinabibilangan ng pamimili ng grocery, mga gawain, pagkuha ng mga gamot, paglalaba, o pagsasama sa medikal na lakad---ang lahat na iba pang IHSS ay **dapat** isagawa sa bahay ng tagatanggap. Mangyaring tandaan na ang iyong araw ng trabaho sa IHSS ay magsisimula sa oras na makumpleto ang unang serbisyo at hindi kabilang ang oras ng paglalakbay.

## Ako ba ay isang Live-in Provider o isang Non-Live-in Provider?

**T: Ako ay isang tagabigay na nakatira sa parehong tahanan ng (mga) tagatanggap na pinagtatrabahuan ko. Ako ba ay isang live-in provider?**

**S:** Ang mga pagbabago sa EVV na epektibo sa Hulyo 1, 2023 ay hindi makakaapekto sa mga naninirahan tagabigay ng IHSS/WPCS. Tinatanong ang mga tagabigay kung sila ay nakatira kasama ang tagatanggap na kanilang pinagtatrabahuan sa simula ng bawat panahon ng sahod at maaaring gumawa ng naaangkop na pagpili, o ang mga tagabigay na nakatira sa parehong bahay bilang (mga) tagatanggap ng kanilang pinagtatrabahuan ay maaaring kumpletuhin at magsumite ng form na Live-in Provider Self-Certification (SOC 2298) na makikita sa website ng CDSS sa <https://www.cdss.ca.gov/inforesources/ihss/live-in-provider-self-certification>; o, mag-log-in sa iyong account ng Electronic Services Portal ([ESP](#)) at piliin ang Financial >>Live-in Provider>>Live-in Provider Certification

**T: Nakumpleto ko na ang aking form na SOC 2298, ngunit hindi na nakatira sa tagatanggap na aking pinagtatrabahuan. Ano ang gagawin ko?**

**S:** Maaari mong kumpletuhin ang form ng Live-in Provider Self-Certification Cancellation (SOC 2299). Hanapin ng higit pang impormasyon sa website ng CDSS sa <https://www.cdss.ca.gov/inforesources/ihss/live-in-provider-self-certification>.

Maaari mo ring kanselahin ang iyong live-in status mula sa iyong account ng Electronic Services Portal ([ESP](#)) at piliin ang: Financial >>Live-in Provider>>Live-in Provider Certification *Cancellation*

**T: Saan ako makakahanap ng impormasyon tungkol sa Live-In Provider Self-Certification?**

**S:** Ang impormasyon sa Live-in Provider, kabilang ang form ng Live-in Provider Self-Certification (SOC 2298), ay makukuha sa: <https://www.cdss.ca.gov/inforesources/ihss/live-in-provider-self-certification>

**T: Ako ay isang tagatanggap. Ang tagabigay ay nag-uukol ng ilang gabi sa aking bahay bawat linggo. Ang tagabigay ba na ito ay itinuturing na isang live-in provider?**

**S:** Hindi.

**T: Ang tagatanggap at ako ay nakatirang magkasama, ngunit patuloy kaming nakatanggap ng mga notipikasyon tungkol sa pagbabago ng EVV na parang hindi kami nakatira nang magkasama.**

**S:** Maliban kung mayroong form ng Live-in Provider Self-Certification (SOC 2298) sa file, patuloy kang makatanggap ng mga notipikasyon na ito. Sa simula ng bawat sahod, maaari mong i-self-certify na nakatira ka kasama ang tagatanggap at hindi ka na makatanggap ng mga pagbabago sa EVV para sa mga non-live-in provider. Tingnan ang karagdagang impormasyon sa: <https://www.cdss.ca.gov/inforesources/ihss/live-in-provider-self-certification>

## **Mga Karagdagang Mapagkukunan**

1. Ang link sa 'EVV Location Services Provider Training' na webinar na iskedyul ay naka-post sa <https://www.cdss.ca.gov/inforesources/ihss/ihss-providers/resources/evv-training>. Ang mga webinar sa pagsasanay ay magpapatuloy sa buong taon at ang iskedyul ay ia-update.
2. IHSS Timesheet Signature Authorization Requirement [ACL-19-115](#)
3. Para sa pangkalahatang tulong sa pag-check in at pag-check out sa EVV, sa Website ng Electronic Services Portal, o sa Telephone Timesheet System ng IHSS, mangyaring makipag-ugnayan sa IHSS Service Desk sa (866) 376-7066, Lunes hanggang Biyernes mula alas 8:00 ng umaga hanggang alas 5:00 ng hapon, maliban sa mga piyesta opisyal.
4. Website ng Electronic Services Portal [www.etimesheets.ihss.ca.gov](http://www.etimesheets.ihss.ca.gov)
5. Telephone Timesheet System (833) DIAL-EVV or (833) 342-5388
6. IHSS EVV Email Address: [EVV@DSS.ca.gov](mailto:EVV@DSS.ca.gov)

May 5, 2023